

PATNUBAY PARA SA MAGULANG/TAGAPAG-ALAGA

Sa Mga Pamantayang Paghahanda at Mga Ebalwasyon Para sa Kolehiyo at Karera



Ano ang kailangang gawin para *makapaghanda* sa buhay pagkatapos ng mataas na paaralan?

Isipin ang isang atleta na kailangang malaman kung kailan dapat gawin ang nararapat na hakbang, o isang musikero na kailangang makabasa ng mga nota, o isang tagapagtayo ng gusali na kailangan ng mga planong arkitektural bago masimulan ang pagpapatayo. Sa kasalukuyan, dumadami ang kaalaman ng mga estudyante para makapaghanda para sa kolehiyo at sa karera. Ang ibig sabihin nito ay papasok siya sa klasrum sa kolehiyo, sa lugar ng trabaho, o sa isang programa sa pag-eensayo na mayroon na siyang mga kagamitang kailangan para makayanan niya halos lahat ng bagay, mula pa sa unang araw.

Ano-ano ba ang mga kagamitan para sa pagtatagumpay?

Ang mga estudyanteng matatag ang kanilang pundasyon para sa kolehiyo at karera, kasama ng iba pang bagay, ay may kahusayan sa mahalagang karunungan, nasanay nang mabuti ang mahahalagang kakayahan sa pag-aaral, at nakamit ang praktikal na karunungan para matulungan sila sa paglilipat mula sa mataas na paaralan patungo sa kolehiyo at sa karera. Ipinaliwanag ito ng mga edukador sa inyong mga estado noong nilikha nila ang kahulugan ng Paghahanda para sa Kolehiyo at sa Karera.

Ano-ano ang mga Pamantayan sa Paghahanda para sa Kolehiyo at sa Karera?

Mahigit 40 estado ang nagpatibay ng isang pangkat ng mga bagong pamantayang pang-akademiko na nakatuon sa pag-iisip na kritikal, paglulutas ng problema, at ang kakayahang mangatwiran na kailangan ng mga estudyante sa ating mundo ngayon. Kilala bilang 'Common Core State Standards,' inilalarawan nila ang kakayahan at kaalaman na kailangang masanay nang mabuti ang mga estudyante sa bawat antas ng baitang sa English at Math. Kinakailangan ng mga bagong pamantayang ito ang mga bagong pagsusulit para maitugma ang mga kakayahang itinuturo sa klasrum. Ang mga pagsusulit na ito ay nagsisilbing pang-tsek-up na pang-akademiko, na tumutulong sa mga guro at magulang para malaman nila kung gaano kagaling ang progreso ng mga estudyante at kung handa na sila sa susunod na hakbang. Ang mga pagsusulit na ito ay nadisenyo para palitan ang mga dating eksameng pang-estado sa English at Math.



ANG MGA EBALWASYON

Ang 'Smarter Balanced Assessment Consortium' ay isang grupo ng mga estado na pinagsama ang mga edukador at iba pang mga eksperto para makadebelop ng mahusay na kalidad na eksamen ayon sa 'Common Core State Standards.' Ang mga estado at mga edukador ay lumikha ng mga bagong eksamen na ang layunin ay mabigyan ng mas malalim na lebel ng impormasyon para sa mga guro at magulang para masuportahan nila ang pag-aaral ng estudyante. Kailangang maunawaan ng mga guro kung papaano ang ginagawa ng mga estudyante para masanay nang mabuti sa mga mapanghamong kakayahan. Ang mga eksameng ito ay makakatulong sa pagpapabatid sa pagtuturo ng mga guro para magawan nila ng mala-indibidwal na pag-aaral at para matugunan ang mga pangangailangan ng lahat ng mga estudyante.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Smarter Balanced na ebalwasyon, pumunta sa: www.smarterbalanced.org

MGA PAGKUKUNAN NG MGA IMPORMASYON/TULONG

Saan ako makakakuha ng mas marami pang impormasyon para matulungan ang aking anak?

Bisitahin ang eskuwela ng iyong anak at kausapin ang guro ng iyong anak o ang prinsipal ng eskuwela.

Rebyuhin ang mga impormasyon sa mga sumusunod na websites:

- Achieve the Core
www.achievethecore.org
- National Parent Teacher Association
www.pta.org
- Be a Learning Hero
www.bealearninghero.org

